PULANG SILANGAN

REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON

NOBYEMBRE 15, 2021

Pumupula ang Silangan. Hindi lamang dahil sa dumanak na dugo ng mga dakilang martir na nagdilig sa matabang lupa ng rebolusyon. Kundi lalong higit dahil sa nagpapatuloy na lumalaglab na rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa silangan ng Gitnang Luzon.

Gaano man kahaba ang dilim ng gabi, mananatiling pula ang silangan pagsapit ng bukang liwayway. Gaano man katindi ang paghahasik ng lagim at terorismo ng rehimeng US-Duterte, nananatiling nakatindig ang pulang kapangyarihan sa silangan Gitnang Luzon. Ito ang katotohanang hinding-hindi kayang pasubalian ng kahit isang libong mapanlinlang na itim na propaganda ng berdugong AFP-PNP.

Sa nagdaang mahigit limang taon ng kontra-rebolusyonaryong gerang inilunsad ng rehimeng US-Duterte sa ilalim ng Oplan Kapayapaan at Oplan Kapanatagan, paulit-ulit na binigo at patuloy na bibiguin ng buong rebolusyonaryong pwersa sa Gitnang Luzon ang hibang na pangarap nitong lipulin ang BHB at mga Komunista.



Pumupula ang Silangan

Sinungaling, katawa-tawa, at ilang ulit napapahiya si Duterte at ang 7th Infantry Division, sa paulit-ulit na pagdedeklara na "insurgency free" o "wala ng NPA sa silangan Gitnang Luzon." Bigo ang serye ng focused military operations (FMO) o masasaklaw na operasyong militar ng pinagsanib na pwersa ng PNP at ng 84th IB, 91st IB, 48th IB, 69th IB at 92nd IB sa ilalim ng 703rd Brigade na sindakin, pagurin, gutumin, pagkaitan ng baseng masa at durugin sa mapagpasyang labanan ang BHB. Sa halip, doble ang pinsalang kanilang natamo sa mga naganap na sagupaan mula 2018.

Noong Nobyembre 2019, mahigit dalawampung patay na sundalo ng 91st IB ang hinubaran ng uniporme upang palabasing mga kasapi ng BHB sa Dupinga River, Gabaldon, Nueva Ecija. Ito'y upang itago ang kanilang kapalpakan nang laglagan nila ng bomba ang kanilang mismong tropa na nag-ooperasyon sa kabundukan. Nangyari ito isang araw matapos ang engkwentro sa BHB kung saan apat na sundalo ang napatay sa aktwal na labanan.

Ilang araw matapos ianunsyo mismo ni Duterte na "wala ng NPA" sa lalawigan ng Aurora ay pumutok ang balitang engkwentro sa pagitan ng AFP at NPA sa Brgy. Diaat, Maria Aurora noong Abril, 2020. Dalawang opisyal ng 91st IB ang napatay at tatlo ang malubhang nasugatan. Upang pagtakpan ang kahihiyan, naglubid ng kasinungalingan si Duterte at 91st IB na diumano'y inambus ng mga BHB ang mga sundalong nagbabantay sa distribusyon ng Social Ammelioration Program (SAP). Lalo lamang silang napahiya nang mismong mga health workers sa naturang bayan ang nagsabing malayo sila sa lugar na pinaglabanan.

Tinalo ng matalinong pag-aaral sa sitwasyong militar, mataas na disiplina at malawak na suporta ng masa sa BHB ang mamahaling military drones at modernong kagamitang pandigma ng AFP.

Ang pinaigting na operasyong militar ng estado laban sa BHB at mamamayan ay lalo lamang nagpahigpit sa pagkakaisa ng Hukbo at masa.

Higit na tumalas ang pagsapol sa mga batayang prinsipyo ng matagalang digmang bayan. Lalong pinaghusay ng Hukbo ang kilos gerilya, hindi lamang para makaiwas sa depensibang labanan kundi para mapangalagaan ang seguridad ng mamamayan. Sa tulong ng masa, nakapagbukas ng mga bagong ruta, nabalikan ang mga baryong matagal ng hindi nakilusan, nakapagpalawak at napagdugtong-dugtong ang hangganan ng mga larangang gerilya. Patuloy ang BHB sa pagsasakatuparan ng kanyang tungkulin sa paglilingkod sa masa, lalo na sa panahon ng pandemyang COVID.

Ang deklarasyon ng 7th ID na nawasak na ang mga larangang gerilya sa Silangan Gitnang Luzon ay malaking kasinungalingan at panaginip na gising ng rehimeng US-Duterte. Isa itong grandyosong kampanyang propaganda na kinatampukan ng kakarampot na mga taksil sa kilusan, at maramihang pagpapasurender sa mga sibilyan na pwersahan nilang iniharap sa kamera, pinagsunog ng pulang bandila at pinagmartsa kontra sa CPP, NPA at NDF.

Ginipit, tinakot at binantaang ikukulong kundiman papatayin ang mga lider magsasaka na tumangging bigkasin ang mga skripted na "testimonya" laban sa mga lehitimong samahang magsasaka at mga organisasyong tumutuligsa sa katiwalian, kalupitan at kataksilan sa bayan ng rehimeng US-Duterte. Batid ng berdugong militar at mga eksperto nito sa saywar na kahit ilang ulit nilang pasumpain ng katapatan sa reaksyunaryong gubyerno ang mga masang sapilitan nilang pinasurender ay hindi nila kailanman makukuha ang kanilang katapatan at suporta sa naghaharing estado na lubos na kinamumuhian ng mamamayan.

Lalong nahihiwalay sa mamamayan ang rehimeng US-Duterte at mga utusan nitong mamamatay tao. Walang kaayusan at kapayapaan saanman may kampo-militar o mga detatsment. Galit ang masa sa mga militar na magnanakaw ng kanilang mga hayop at pananim, naghahari-harian sa baryo, nagbibigay proteksyon sa lokal na mga maton, nambabastos sa kababaihan, pumipigil sa kanila na pumunta sa bukid at kaingin, nanghahasik ng intriga sa taumbaryo, nagmamanman sa kanilang kilos at nanghihimasok maging sa pribado nilang pamumuhay bilang sibilyan. Perwisyo sila sa buhay ng masa.

Kung anong pagkamuhi ng masa sa militar, kabaliktaran naman ng pagmamahal at pagkalinga nila sa NPA. Kaiba sa berdugong militar, ang mga NPA o BHB ay kanilang kasama sa gawaing produksyon at sa paglutas sa samu't saring usapin sa kabuhayan, kalusugan, pulitika, kultura; maging sa mga personal nilang mga hinaing at usapin. Nagpupuyos sila sa galit sa bawat pagkabuwal ng magiting na mandirigma ng BHB na kanilang guro, doktor, abogado, kasama sa pakikibaka at tinuturing nilang kanilang mga natatanging anak.

Sa harap ng pasistang lagim, lalong lumalakas ang kahilingan ng mamamayan na ibagsak ang rehimeng US-Duterte at ang sobrang nabubulok na naghaharing estado. Matindi ang kagutuman at kahirapan sa buong bansa na pinalubha pa ng militaristang pagharap sa pandemyang COVID ng teroristang rehimeng US-Duterte.

Sobra na ang kalupitan, katiwalian at kataksilan ng rehimeng US-Duterte. Dapat itong ibagsak! Sa pamamagitan ng higanteng kilusang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan ay mabubuo ang malawak na pagkakaisa para mapatalsik sa kapangyarihan ang teroristang tiraniya ni Duterte. Samantala, sa pamamagitan lamang ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan ganap na maibabagsak ang estadong malakolonyal-malapyudal.

Pumupula ang silangan! Makauring himagsikan ang sigaw ng mamamayan! Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at tulong ng Bagong Hukbong Bayan, patuloy na nagwawagayway ang pulang bandila sa kabundukan, kagubatan, kapatagan, tabing haywey at tabing dagat ng silangan Gitnang Luzon.

MAPULANG PAGPUPUGAY!

Para sa mga Masa at Hukbo na pinaslang ng rehimeng US-Duterte:

Kulay dugo ang bandila ng rebolusyonaryong paglaban. Simbolo ito ng kabayanihan at kagitingan ng masa; mga kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas; at mga Kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Kulay dugo ang kabundukan ng Sierra Madre na dinilig ng dugo ng mga rebolusyonaryong martir. Sa buong bansa, laksa-laksang masa ang taas kamaong nagbibigay pugay sa mga masa at kasama na buong tapang na hinarap ang uhaw sa dugo na pananalasa ng rehimeng US-Duterte sa buhay at karapatan ng sambayanang Pilipino.

Gaya ng purong ginto, hindi matatakpan ang kinang ng kabayanihan ng mga rebolusyonaryong martir. Hindi mapapasubalian, maging ng berdugong militar kung gaano katangi-tangi ang buhay na kanilang mga pinaslang. Sa katunayan, ginawang tropeyo ng 7th ID ang patraydor at malupit na pamamaslang sa mga kadre ng Partido at Hukbo na minamahal at pinagpipitagan ng masa. Estrelya sa dibdib at paldong pera sa bulsa ng hayuk sa laman na mga opisyal at kawal ng AFP-PNP ang katumbas ng buhay ng bawat rebolusyonaryo. Pero para sa masa, ang buhay ng bawat rebolusyonaryo ay gintong alay sa pangkasaysayang adhikain ng tunay na panlipunang pagbabago at pagpapalaya sa bayan mula sa dayuhang pang-aalipin.

Gaya ng tunay na ginto, lumipas man ang panahon ay patuloy na kumikinang ang kagitingan at kabayanihan ng mga rebolusyonaryong martir. Ito ay sinag na tatanglaw sa patuloy nating pakikihamok sa pasistang dilim. Habang naririto tayong nagtataguyod sa kanilang rebolusyonaryong adhikain, ang kanilang alaala ay hindi kailanman mamamanglaw.

Sa unang isyu ng muling paglalathala sa Pulang Silangan, kaming mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay nagbibigay ng kataas-taasang pagpupugay sa lahat ng biktima ng pamamaslang at pandarahas ng rehimeng US-Duterte, at sa lahat ng mga martir ng rebolusyon.

Tanghal ta! (Itanghal ang mga sandata!)



Rommel Tucay. Kilala ng masa sa pangalang Ka David, Ka Elmo, Ka isaac, Ka Samwel, Ka Istib, Ka Melvin, Ka Roman. Kadre ng Komiteng Rehiyon ng Gitnang Luzon, kumander ng BHB. Isa siya sa mga kadre na maituturing na pundasyon ng pagbubuo ng larangan sa Hilagang Silangan ng Gitnang Luzon.

Nag-iisa siya at walang kakayahang lumaban nang paslangin ng mga uhaw sa dugo na tropa ng 91st IB, 84th IB at PNP noong Marso 13 sa Brgy. Kimbutan, Dupax. Del Sur, Nueva Viscaya.

Nicomedez Macalinao "Ka Dagohoy" Ortiz. Minamahal at pinagpipitagang Hukbo at kadre ng Partido simulang kumilos siya noong huling bahagi ng dekada otsenta hanggang sa panahong siya ay nagmartir. Nasa Brgy. San Alejandro sa bayan ng Quezon, Nueva Ecija siya noon para pagkaisahin ang taumbaryo para sa kalusugan, kabuhayan at kagalingan nang pagbabarilin siya ng tropa ng 84th IB noong Agosto 4, 2020.

Eleuterio "Ka Omeng" Sadyaw Agmaliw at Freddie "Ka Poldo" Daileg. Parehong walang kakayahang lumaban pero pinagbabaril hanggang sila ay mamatay nang magkasanib na pwersa ng 84th IB, 91st IB at PNP noong Disyembre 19, 2019 sa Novaliches, Quezon City. Ang dalawang kasama ay parehong nagpapagamot.

Si Ka Poldo ay kagawad ng Komiteng Larangan ng Nueva Ecija at mahusay na opisyal medikal ng Hukbo.

Si Ka Omeng ay kagawad ng Komiteng Rehiyon at pinunong Kumander ng larangang gerilya sa Caraballo. Kabilang siya sa nanguna sa gawaing rekoberi at pagbubuo ng larangang gerilya sa Nueva Ecija.

Joyce "Ka Jojo" Omania, Michael "Ka Alan" Ladesma, Rosemiel "Ka Epi" Gomez. Sila ay mga kadre ng Partido at BHB na nasawi sa magkasunod na laban noong Nobyembre, 2019 sa Nueva Ecija. Kabilang sila sa yunit ng BHB na nagsikap abutin ang malawak na masa para buuin ang malawak na pagkakaisa sa pagtatanggol sa lupa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo para baguhin ang umiiral na mapagsamantalang relasyon sa produksyon.

Si **Ka Alan** ay kilala rin sa pangalang ka Amang at ka Ano. Kumander ng hukbo noong dekada otsenta, naging lider magsasaka at pinuno ng milisyang bayan bago siya muling sumampa sa BHB. Natatangi ang kanyang ambag sa gawaing rekoberi sa mga baryo ng Bongabon.

Si **Ka Epi o Ka Kyle** ay galing sa uring manggagawa. Isa siyang huwarang lider-manggagawa na di nag-atubiling suungin ang landas ng armadong pakikibaka. Naniniwala siya na ang pagbabago ng sistemang panlipunan ang natatanging sagot sa matagal nang hinaing ng manggagawa para sa makatwirang sahod at makataong kundisyon sa paggawa.

Si **Ka Jojo** ay mahusay na mandirigma. Kahanga-hanga ang ipinakita niyang kasigasigan at tapang sa harap ng kahirapan at gipit na sitwasyon. Sa maraming pagkakataon ay nasaksihan ng mga kasama ang kanyang kapursigihan, kasigasigan at katatagan sa pagsuong sa hirap at sakripisyo at tuloy-tuloy na pagpapanibagong hubog.

Gerald "Ka Mat" Salonga at Noli Boy "Ka Nomer" Ronquillo. Nasawi sila sa labanan noong Setyembre 2, 2018 sa Villa, Maria Aurora.

Si **Ka Mat** ay kabilang sa pinakamahusay na iskolar ng bayan na kumuha ng kursong BA Psychology sa University of the Philippines-Diliman Extension Program Project (UPDEPP). Lider-kabataan, organisador at tagapagsalita ng progresibong organisasyon ng kabataan bago siya sumampa sa BHB. Nahuli ng pasistang kaaway noong 2014 at nabilanggo ng mahigit dalawang taon. Bilang bilanggong pulitikal ay pinangunahan niyang isinulong ang karapatan at kagalingan ng mga preso. Pagkalaya sa bilangguan ay agad siyang pumasok sa larangan para magsulong ng armadong pakikibaka.

Si ka Mat ay kilala ring mahusay na rebolusyonaryong artista sa larangan ng sining biswal, pagsusulat ng tula at kanta.

Si **Ka Nomer** ay tubong Talavera, Nueva Ecija. Siya ay mahusay na Iskwad lider na kasama sa matatagumpay na aksyong militar sa kabundukan ng Sierra Madre. Malinaw sa kanya na rebolusyonaryong pulitika ang dapat na laging gumagabay sa paggamit ng baril. Lagi din niyang napapangiti ang mga kasama basta hawak niya ang sandok dahil huling-huli niya ang panlasa ninuman mula sa mga simple at pang-okasyon niyang mga lutuin.

Siyam na martir ng Caranglan, Setyembre 20, 2017. Ang kamatayan ng siyam na kasama ay siyam na beses na simbigat ng kabundukan ng Caraballo.



Joel "Ka Lucio" Manangan. Kilala rin siya sa pangalan na Ka Rasul, Ka George, Ka Turing, Ka Rene, Ka Arman, Ka Vergel at Ka Josep. Pulang kumander at kagawad ng namumunong komite ng larangan. Siya ay masigasig na nagpursige sa pagpapanibagong-lakas ng kilusan sa erya. Masikhay at mapangahas niyang pinamunuan ang mga misyong militar at gawaing masa para sa gawaing rekoberi.

Joel "Ka Marco" Amatorio. Kilala rin siya sa pangalan na Ka Tuse, Ka Jimar at Kuya. Mahusay na iskwad lider. Natatangi ang kaniyang kakayahan sa isnayping at operasyong partisan.

Carlo "Ka RB" Laguito. Nanggaling siya sa sektor ng maralitang lungsod. Sa gabay ng Partido Komunista, ang mga kabataang tulad niya ay nagkaroon ng pagkakataon na hubugin ang sarili upang mag-alay ng makabuluhang ambag sa pagwawakas ng pagsasamantala. Siya ay larawan ng isang kabataang iwinaksi ang pagka-makasarili at ang bulok na kultura upang maging sundalo ng inaapi.

Lanea Lani "Ka Gom" Dela Pena Mirindu. Kilala rin siya sa pangalan na Ka Gwen, Ka Mitchi at Ka Janet. Huwarang babaeng mandirigmang Dumagat. Kasapi siya ng namumunong komiteng tagapagpaganap ng Partido sa sangay ng Platun. Siya ay buong pusong gumampan bilang iskwad lider, giyang pampulitika at punong opisyal ng istap ng kabuhayan sa platun (P4).

Alvin "Ka Seven" Soria. Ka Bunso, Ka Yushin, Ka Amboy, Ka Bino, Ka Tintin at Ka Asyong ang kanyang mga pangalan sa pakikibaka. iskwad lider. Bahagi siya ng maraming taktikal na opensiba, pamamarusa sa kaaway at mga depensibong labanan na mahusay na hinarap ng mga kasama.

Guiller Martin "Ka Inyong" Cadano. Kilala rin siya sa pangalang Ka Christian. Nagtapos ng kursong BA Psychology sa UP Diliman Extension Program in Pampanga. Sa halip na tahakin ang landas ng personal na katanyagan at kabuhayan, nagpasiya siyang ialay ang kaniyang talino at lakas sa masang magsasaka sa kanayunan ng Gitnang Luzon. Naging bilanggong pulitikal sa mahigit dalawang taon dahil sa gawa-gawang kaso na isinampa ng 3rd IB. Sumampa sa BHB sa kanyang paglaya. Tumimo sa kaniya na ang karahasan ng pasistang estado ay kailangang gapiin ng mamamayan sa pamamagitan ng armadong paglaban.

Victor "Ka Lean" Nagawang. Kilala rin sa pangalang Ka Jonas at Ka Rio. Galing sa uring manggagawa. Nakita niya na ang pagsasamantala sa tulad niyang manggagawa ay mawawakasan lamang sa pagtatayo ng sosyalistang lipunan sa pamamagitan ng paglulunsad ng makauring rebolusyon.

John Paul "Ka Soc" Calica. Tapos ng kursong BS Computer Science sa kolehiyo sa Manila. Gagap niya na ang kaniyang talino at lakas ay kailangan niyang ialay sa rebolusyon na siyang magtitiyak sa lupa, sahod, trabaho, karapatan at pabahay ng maralita. Kasabay ng kaniyang pagsumpa bilang kasapi ng Partido ay nagpasiya siyang sumapi sa BHB.

Emmanuel "Ka Abe" Canlas, Ka Robin at Ka Baste ang iba pa niyang pangalan. Bago pa man tumungtong sa edad na 18, kabilang na siya sa itinuturing na kabataang Komunista. Pagsapit niya ng 18 taong gulang noong 2017 ay puno ng pananabik siyang sumampa bilang pultaym na pulang mandirigma. Bilang kasapi ng Partido, ipinakita nya sa praktika ang pagtugon sa panawagan na ang mga kabataan ay dapat na dumaluyong sa kanayunan at sumapi sa BHB!

Kataas-taasang pagpupugay sa mga kasamang nagbuwis ng buhay sa Kanluran Gitnang Luzon!

Nephtali "Ka Atong" Santos at Rommel Rhay "Ka Sandee" Madrigal. Patraydor silang pinaslang ng magkasanib na tropa ng 3rd mechanized IB at PNP sa Brgy. San Juan de Mata noong July 17, 2021. Tinadtad ng bala ng mga pasista ang kanilang katawan hanggang sila ay mamatay.

Si Ka **Atong** ay kilala rin sa pangalang Ka Maggi, Ka Peter, Ka Jason, Ka Alen, Ka Alvin o Ka Kalbo. Siya ay maituturing na haligi ng pagkakabuo ng mga larangang gerilya saTarlac at iba pang bahagi ng Zambales Mountain Range. Siya ay kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Gitnang Luzon, pulang Kumander, opisyal pampulitika at rebolusyonaryong makata.

Si **Ka Sandee o Ka Rakim** ay kabataang kumander at giyang pampulitika. Siya ay rebolusyonaryong artista na nagpasyang ialay ang kanyang talino, kakayahan, at tanging buhay sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Ferdinand "Ka Bo" Poblacio Jr. Kilala sa mga pangalang Ka Simo, Ka Serge, Ka Marlon, Ka Mon, Ka Bert, Ka Peejay. Dinukot at pinaslang siya ng militar noong Disyembre 3, 2020. Siya ay makabayang guro sa Tarlac State University bago sumampa sa BHB. Opisyal pulitiko-militar. Rebolusyonaryong artista sa sining biswal. Natatangi ang kanyang mga likhang sining sa mga pahina ng HIMAGSIK at BIGWAS-KGL.

Pulang saludo sa mga kadreng ginugol ang kanilang talino at lakas sa paglingkod sa sambayanan hanggang sa kanilang pagretiro dahil sa katandaan at karamdaman!

Sina kasamang Agaton "Ka Boy" Hudencial Topacio at Eugenia "Ka Milan" Magpantay Topacio ay parehong naglingkod bilang mga pangunahing kadre ng Partido sa Gitnang Luzon bago sila mailipat sa ibang gampanin sa labas ng rehiyon. Parehong retirado na sa serbisyo ang dalawang kasama ng paslangin ng berdugong militar noong ika 25 ng Nobyembre, 2020 sa bayan ng Angono, Probinsya ng Rizal. Sina Ka Boy at Ka Milan ay mahahalagang gabay at haligi sa mga kasamang tumutupad ng natatanging rebolusyunaryong gawain sa Gitnang Luzon. Bahagi na sila ng kasaysayan ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa rehiyon at sa buong bansa.

Binibigyang parangal at mataas na pagpupugay ng rebolusyonaryong kilusan ang mga masa na sa iba't ibang antas at kaparaaanan ay nakibahagi, nag-ambag at sumuporta sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Sila ay tunay na bayani.

Joseph Canlas. Lider magsasaka sa Gitnang Luzon. Siya ay hinuli at ikunulong sa batayan ng gawa-gawang kaso. Nahawaan siya ng COVID sa loob ng kulungan na nagpalubha sa dati na niyang karamdaman. Namatay siya noong Mayo 11, 2021 dahil sa sadyang kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.

Sina **Bernardino Liberato at Merlita Ogalinola** na kasamang niratrat ng bala ng militar nang paslangin si ka Dagohoy noong Agosto 4, 2020.

Si **Lucio Carbonel** na pinagbabaril din ng militar dahil sa kanyang makataong pagkupkop kina Ka Yano at Ka Poldo noong sila ay nagpapagamot sa NCR noong Disyembre 19, 2019.

Sina **Danilo Sagun at Marilyn Balmediano** na idinamay ng militar sa enkawnter sa BHB sa Brgy. Estrella, Rizal noong Nobyembre 14, 2019.

Sina **Mario Castro at Loring Castro**. Pinangunahan nila ang pagbubuklod sa mga magsasaka at manggagawang bukid upang igiit ang karapatan sa paggapas sa anihan ng palay sa kabila ng pagdagsa ng mga harvester sa lugar. Sila ay pinaslang ng ahente ng militar sa kanilang bahay sa Baranggay Paco Roman, Rizal noong Hulyo, 2017. Isinama sila sa mahabang listahan ng operasyong "Tokhang" ng PNP Nueva Ecija na upang maging target ng operasyong militar.

Antonio Gragasin, residente ng Paco Roman. Walang awang pinagbabaril ng mga ahente ng militar at bayarang mamamatay tao ng isang malaking panginoong maylupa. Siya ay lider magsasaka at manggagawang bukid na aktibo sa paggiit ng karapatan sa lupa at karapatan sa paggapas sa kanilang baryo.

Jun Pisito. Pinagbabaril sa irigasyon sa kanilang lugar noong unang kwarto ng 2019. Siya ay isa sa mga magsasakang benipisyaryo ng lupang agreb sa Natividad, Nueva Ecija at patuloy na nagbubungkal at ipinagtatanggol ito hanggang bago siya mamatay.

Diodicto Minosa. Dinukot ng mga asset at elemento ng 91st IB, gabi ng Marso 25, 2019 sa San Luis, Aurora at hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa inililitaw ng kaaway. Kahanga-hanga ang kanyang determinasyon at tapang sa pagtataguyod sa demokratikong interes at karapatan ng magsasaka.

Joey Torres. Patraydor na dinukot ng mga ahente ng militar noong Setyembre 30, 2017. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin siya inililitaw. Si ka Joey ay kilala at minamahal na kasama ng laksang magsasaka sa hilagang silangan ng Gitnang Luzon. Siya ay masigasig na organisador ng mga magsasaka noon pang dekada otsenta hanggang sa panahong siya ay dinukot ng mga pasista.

Bukod sa kanila, marami pang mga kadre at kasapi ng Partido, mga mandirigma, aktibista at masa sa buong bansa ang brutal na pinaslang, pinakulong, ginigipit at sinusupil ng rehimeng US-Duterte. Ngunit, bigo ang rehimen na patayin ang naglalagablab na apoy sa dibdib ng sambayanang lumalaban.

Hangga't hindi natutugunan ang tunay na reporma sa lupa para sa laksa-laksang magsasaka; ang pambansang industriyalisasyon; ang libre, maagap, maka-masa at siyentipikong serbisyong pangkalusugan sa pagharap sa pandemyang COVID; ang kahilingan ng mga manggagawa para sa permanenteng trabaho, makatwirang sahod at makataong patakaran sa paggawa; serbisyong panlipunan; at mga demokratikong kahilingan ng iba't ibang sektor ng lipunan - - - ay hindi kailanman mamamatay ang apoy ng paglaban. Mananatili itong nakasindi at lalo pang magliliyab sa landas ng makauring himagsikan.

Sa pamamagitan ng higit pang pagpupunyagi sa pagmumulat, pag-organisa at pagpapakilos sa malawak na masa ay lilikhain natin ang naglalagablab na apoy na tutupok sa estadong panginoong maylupa-burgesya kumprador, at sa amo nitong imperyalistang kapangyarihan.

Kulay dugo ang sinag ng araw sa silangan. Lipos ng pag-asa. Singtiyak ng timyas ng tagumpay na pinaghandugan ng pawis at dugo ng bawat rebolusyonaryo at nakikibakang mamamayan.

Ibagsak ang rehimeng US-Duterte! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, hanggang sa tagumpay!

Pulang saludo sa mga bayani ng bayan. Ang kanilang kamatayan ay kabayanihan. Ang kanilang kabayanihan ay walang kamatayan!

Lumalagablab ang Pulang Silangan

Malugod naming ipinababatid ang paglalathala ng rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan sa Silangan Gitnang Luzon, ang **Pulang Silangan.**

Ang Pulang Silangan ay unang inilathala noon pang huling bahagi ng dekada sitenta bilang opisyal na rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan ng Bulacan, Nueva Ecija, Aurora at ng Hilagang Silangan Luzon. Muli itong inilalathala para maging aktibong daluyan ng opisyal na pahayag, pagsusuri, mga panawagan at kampanya ng mga larangang gerilya sa Silangan Gitnang Luzon.

Hinihikayat namin ang mga mambabasa na mag-ambag ng mga balita, larawan, mga likhang sining at mga pahayag kaugnay sa kalagayan at pakikibaka ng mamamayan. Ang Pulang Silangan ay dyaryo ng masa. I-download at i-print. Magparami ng kopya at ipamahagi sa mga masang nakikibaka.

Sundan ang bawat isyu sa Pulang Silangan facebook.